BRAMPTON

**Media Release**

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Brampton nagpapaalala sa inyo na maging ligtas sa sunog ngayong kapaskuhan

BRAMPTON, ON (Disyembre 15, 2021) – Dahil malapit na ang bakasyon, hinihikayat ng Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Brampton na ilagay ng lahat sa tuktok ng kanilang listahan ang kaligtasan sa sunog.

- Diligan ang mga tunay na Christmas tree at panatilihing puno ng tubig ang lalagyan
- Subukan ang lahat ng mga alarma sa usok at carbon monoxide bago ang mga pagtitipon ng pamilya para sa kaligtasan ninyo at ng inyong mga bisita
- Subukan at inspeksyunin ang lahat ng mga ilaw pamasko at extension cord upang matiyak na hindi ito ma-overload at itapon ang anumang may punit o sira.
- Ilayo ang lahat ng mga dekorasyon ng hindi bababa sa 1 metro (3 talampakan) mula sa kagamitan sa pagpapa-init o bukas na apoy tulad ng mga kandila, fireplace, o portable heater
- MAging alerto sa anumang nakasinding kandila kapag umalis ka sa isang silid o matutulog na o sa halip ay gumamit na lang ng mga de-baterya
- Ang pagluluto ang pangunahing sanhi ng mga sunog sa bahay. Manatili sa kusina habang nagluluto at iwasan ang mga paggambala.

Ang Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Brampton ay nagpapaalala rin sa mga residente na manatiling masigasig sa paglaban sa COVID-19 ngayong panahon; patuloy na panatilihin ang maayos na kalinisan ng kamay, panatilihin ang puwang sa pagitan ninyo at ng iba at magsuot ng mask kapag hindi posible ang pisikal na pagdidistansya.

Sundan ang Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Brampton sa Twitter, Facebook, at YouTube sa buong bakasyon para sa mga tip sa kaligtasan mula sa sunog o bisitahin ang bramptonfire.com para sa kanilang 12 Araw ng Kaligtasan sa Sunog.

**Mga Quote**

"Hinihikayat ko ang lahat ng mga residente ng Brampton na ipagdiwang nang ligtas ang bakasyon. Ito ang panahon para sa pamilya at pagdiriwang, at sa pagsunod sa mahahalagang tip na ito mula sa pangkat ng Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Brampton, masisiguro mong maging ligtas din ito."

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

"Ang Brampton ay isang Malusog at Ligtas na lungsod. Sa pagsunod sa 12 araw ng tip sa kaligtasan ng sunog ng Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Brampton, maaari mong panatilihing ligtas ang inyong pamilya at mga kaibigan ngayong kapaskuhan. Hinihikayat ko ang lahat na ilagay sa tuktok ng kanilang listahan ngayong bakasyon ang kaligtasan sa sunog."

- Rowena Santos, Pang-rehiyon na Konsehal, Ward 1 at 5; Tagapangulo, Mga Serbisyong Pangkomunidad, Lungsod ng Brampton

Pagkatapos ng isa nanamang mapaghamong taon, kaming lahat ay inaasahan ang pakikipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan ngayong bakasyon. Bagama't ang oras na ito ay puno ng kasayahan at pagdiriwang, mahalaga din na maging ligtas sa sunog. Bisitahin ang bramptonfire.com upang suriin ang lahat ng aming mga tip sa kaligtasan sa sunog sa bakasyon upang matiyak na kayo at ang inyong pamilya ay magkaroon ng ligtas at maligayang kapaskuhan."

- Bill Boyes, Hepe ng Sunog, Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Brampton

-30-

Ang **The Rose Brampton** ay isang nangungunang performing arts venue, at isang iconic feature ng downtown core. Isang mahalagang parte ng lungsod, ito ay destinasyon ng mga kilala sa mundo na mga performer, nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga manonood mula sa Brampton at lampas pa na maranasan ang malawak na hanay ng mga talento sa hindi ordinaryong lugar. Dakila sa arkitektura at kagandahan, ang The Rose ay ang lugar kung saan nagkakabuhay ang Brampton. Alamin ang mas marami pa sa therosebrampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca